# Aplikasyon ng SmartCard Program ng PEOPLE MOVER

Apelyido | Pangalan | GI

Numero ng Kalye | Pangalan ng Kalye | Apartment

Lungsod | Estado | Zip Code

Araw ng Kapanganakan (Buwan, Araw, Taon)

Numero ng Telepono ( ) -

Email Address

## Impormasyon ng Smartcard at Kasunduan sa Paggamit

**I-tap at Pumunta na**

*Kung mayroon kang Loaded Pass*




**Sumasang-ayon ako sa mga sumusunod na kundisyon tungkol sa paggamit ng isang Smart Card ng Departamento ng Pampublikong Transportasyon (Public Transportation Department) (PTD):**

**1.) HINDI NAILILIPAT:** Ang mga Smart Card ay hindi naililipat at kung ipinakita ng sinumang tao maliban sa kung kanino ito ibinigay, kukumpiskahin at sisirain ng PTD ang card. Kung ang isang Smart Card ay nakumpiska dahil sa paggamit ng sinumang hindi awtorisadong partido, sa kaalaman ng may hawak ng Smart Card, ang PTD ay may karapatang hindi mag-isyu ng kapalit na card. Walang pagpapalit o refund.

**2.) PAGMAMAY-ARI NG PTD:** Lahat ng Smart Cards ay pagmamay-ari ng PTD at dapat ipakita kapag ginamit sa tuwing sasakay ka sa isang PTD na sasakyan. Ang card na ito ay dapat na isuko kapag hiniling ng isang empleyado ng PTD.

**3.) NAWALA O NANAKAW NA MGA SMART CARD:** Sisingilin ang replacement fee para sa bawat nawala o nanakaw na Smart Card. Inilalaan ng PTD ang karapatang limitahan ang bilang ng mga kapalit na Smart Card. Nang walang pagbubukod, ang bawat customer ay limitado sa isang (1) paglipat ng balanse ng Smart Card sa labindalawang (12) buwan.
Ang isang Nawala o nanakaw na Smart Card ay maaaring ilipat ang natitirang balanse sa isang bagong Smart Card sa pamamagitan ng:
- •Pag-abiso sa Opisina ng Customer Service nang personal.
- •Pagpapakita ng resibo para sa pagbabayad ng pamasahe at na-upload sa nawala o nanakaw na Smart Card.
- •Beberipikahin ng kawani ng Customer Service ang resibo ng pamasahe laban sa log ng pagsubaybay ng PTD at mga dokumento ng impormasyon sa pagpapalit ng Smart Card.
- •Pagbabayad ng replacement fee para sa isang bagong Smart Card.

**4.) MADUMI/NASIRANG MGA SMART CARD:** Ang mga Smart Card na basag, may mga larawan o iba pang impormasyon na kupas, nawawala, o gasgas ay ituturing na imbalido at sasailalim sa pagkumpiska ng PTD at maaaring malapat ang replacement fee at natitirang mga balanse sa pamasahe. Responsabilidad mong panatilihing nasa maayos at magagamit na kondisyon ang iyong ID ng Smart Card.

**5.) CODE OF CONDUCT:** Ang PTD Code of Conduct na tinukoy sa Anchorage Municipal Code (AMC) 11.070.030 ay dapat sundin sa lahat ng oras.

**6.) PAMASAHE SA BUS:** Ang Smart Card ID ay hindi sapat lang bilang pamasahe sa bus. Ito ay isang reloadable storage media ng isang digital na pases sa bus ngunit hindi ito bilang default na may load ng pamasahe sa bus. Dapat kang bumili at mag-load ng naaangkop na pamasahe sa bus tulad ng tinukoy sa AMC 11.70.060 para magamit ang Smart Card bilang pases sa bus.

**Naiintindihan ko na ang impormasyong nakolekta sa form na ito ay pananatilihing kumpidensyal. Pinaninindigan ko na ang lahat ng impormasyong ibinigay ay totoo at kumpleto. Naiintindihan ko na ang pandaraya o pang-aabuso ay magreresulta sa pagkumpiska ng SmartCard ID at pagwawakas ng aking pagiging karapat-dapat sa paggamit.**

X ______________________ Petsa ______________________

Official Use Only

Reviewed By: ______

Date: ______

☐ Eligible

Duration: ______ Months ______ Years

ID number: ______

Exp. Date: ______